


# UNANG HAKBANG SA ALEMANYA



## Mga batas ukol sa migrasyon sa Alemanya

Ang mga hindi mamamayan ng EU ay pinapayagan lamang na makapasok sa Alemanya kung mayroon silang mabisang pasaporte o replacement ng pasaporte. Kailangan mo ng visa para makapasok sa Alemanya. Dapat kang mag-aplay nito nang personal sa German Embassy o Consulate. Ang visa ay para sa isang partikular na layunin, ibig sabihin, dapat mong isaad sa iyong visa application kung bakit mo gustong pumasok sa Alemanya (halimbawa, bilang turista, kumuha ng trabaho, magpakasal). Sa prinsipyo, hindi mo maaaring baguhin ang layunin ng visa habang ikaw ay nasa Alemanya. Kung nais mong gawin ito, nararapat kang bumalik sa iyong sariling bansa.



## Trabaho sa Alemanya

**Hindi ka maaaring magtrabaho sa Alemanya gamit ang tourist visa.**

Mahirap kumuha ng entry visa para makapagtrabaho sa Alemanya dahil may recruitment stop ang Alemanya para sa maraming sangay o sektor ng trabaho. Ang work permit ay mahigpit na iniisyu at kailangan mong patunayan ang kongkretong alok na trabaho katulad ng sertipikasyon mula sa employer o kontrata sa pagtatrabaho.



Ang visa para makapagtrabaho para sa mga kwalipikadong manggagawa ay mas madaling iniisyu, halimbawa para sa mga specialty cook o nars sa mga ospital o tahanan para sa mga matatanda. Para sa mga di-kwalipikadong trabaho, mga eksepsyonal na kaso lamang ang nabibigyan ng permiso, katulad sa mga sektor ng seasonal o pana-panahong mga gawain tulad sa agrikultura o hotel, o bilang domestic worker sa sambahayan ng isang diplomat.

## Katayuan ng paninirahan sa konteksto ng kasal



Ang mga asawa na lumilipat sa Alemanya ay kailangang magkaroon ng basic na kakayahan sa wikang Aleman (A1) bago pumasok sa bansa at patunayan ito sa pamamagitan ng isang sertipiko mula sa Goethe-Institut.



Kung ikaw ay magpapakasal sa isang Aleman, maaari ka lamang makakuha ng permanenteng residence permit pagkatapos ng 3 taon na pagsasama bilang mag-asawa. Kung ikaw o ang iyong partner ay nakipaghiwalay bago lumipas ang 3 taon, kailangan mong umalis sa Alemanya maliban kung mapatunayan mo na ang pagpapatuloy ng iyong kasal ay magdudulot sa iyo ng hindi nararapat na kahirapan. Ito ay maaaring mangyari kung ang iyong partner ay nakagawa ng pisikal, sikolohikal o sekswal na karahasan laban sa iyo. Ang panggagahasa ng asawa ay isang pagkakasala na pinaparusahan sa Alemanya.

## MGA PANGANIB NA NAUUGNAY SA MIGRASYON



Ang mga migrante ay nasa panganib ng pagsasamantala nang seksuwal at sa trabaho. Gumawa ng listahan ng mahahalagang detalye ng iyong mga contact bago ka umalis. Kabilang dito ang mga numero ng iyong embahada, mga NGO, iyong pamilya, at mga kaibigan. Dalhin ang mga detalye ng contact na ito sa lahat ng oras.

- Gumawa ng kopya ng pasaporte at ibang importanteng dokumento na iyong dadalhin at mag-iwan ng isang set nitong mga kopya sa iyong pamilya o mga kaibigan.
- Maglaan ng partikular na oras para sa isang miyembro ng iyong pamilya o isang kaibigan na regular ninyong gagamitin para mag-usap sa telepono.






- Kung wala kang panggastos para sa iyong biyahe at ang isang tao o ahensya ay tila mapagbigay at nag-aalok na dalhin ka nang walang bayad sa ibang bansa, kung saan maaari mong mabayaran ang iyong mga utang, dapat kang maging maingat. Ang aming mga karanasan ay nagpapakita na ang mga kondisyon kung saan ang ilang mga kababaihan ay nagbabayad ng utang ay napakasama dahil sila ay nasa matinding dependensya, sa gayon ay nagiging madali silang ma-blackmail.

- Magtanong tungkol sa mga aktwal na gastusin, halimbawa, na nagmumula sa pag-aasikaso ng visa, pasaporte, tiket, atbp. upang maiwasan ang napakataas na presyo na ihaharap sa iyo.
- Mahalaga rin na malaman kung ano talaga ang kikitain mo sa Alemanya at kung magagawa mong bayaran ang mga utang mula sa mga kitang ito. Dapat mo ring isaalang-alang na ang halaga ng pamumuhay sa Alemanya ay napakataas.



## ANO ANG DAPAT GAWIN KUNG IKAW AY NAKARANAS NG KARAHASAN

Kung ikaw, sa kabila ng lahat ng paghahanda ay nalaman mong nalinlang ka sa Alemanya at halimbawa



- Ang iyong pasaporte ay kinuha sa iyo;
- Kailangan mong magtrabaho sa ilalim ng ganap na naiibang mga kondisyon kaysa sa ipinangako sa iyo;
- Sinabi lamang sa iyo pagkarating mo sa Alemanya na nabaon ka sa utang dulot ng pagbibiyahe at pagtitira sa bansa, samakatuwid ang malaking bahagi ng iyong suweldo ay tatanggalin;
- Pinilit kang mag-prostitusyon o gumawa ng iba pang trabaho;
- Ikaw ay nasa isang sitwasyon ng matinding pagsasamantala sa pagpoprostitusyon man o sa anumang iba pang aktibidad;
- Nakaranas ka ng kalupitan halimbawa, binugbog, minaltrato, ginahasa, o ikinulong;
- Ikaw ay tinakot o pinilit na sumuko na may mga banta ng karahasan laban sa iyo o sa iyong pamilya;

Kung gayon maaaring ikaw ay isang biktima ng isang krimen marahil ng human trafficking. May karapatan kang tumanggap ng pagpapayo at suporta, kahit ikaw ay walang residence permit o dokumento.



## CONTACT

Ang support hotline laban sa karahasan sa mga kababaihan sa Alemanya



# 116 016